Chicago Public Schools

# Tatlong Taon na Plano ng CPS (2022-25)

## Mga Muling Paninindigan at Muling Pag-iisip (Recommitments & Reimagining)



# Talahanayan ng mga Nilalaman

Isang Mensahe mula sa Pangasiwaan ng CPS 3

PANIMULA 4
- Ang Ating Misyon 4
- Ang Ating mga Pangunahing Pinahahalagahan 5
- Profile ng Nagtapos sa CPS 5

MGA MULING PANININDIGAN 6
- Progresong Pang-akademiko 6
- Pangunahing Bahagi ng Pagtuturo 6
- Progresong Pang-akademiko (ipinagpapatuloy) 7
  1. De-Kalidad na Mahigpit na Pagtuturo 7
  2. May Talento at Binigyang-Lakas na mga Tagapagturo 7
  3. Kaligtasan, Kagalingan, at mga Sumusuportang Komunidad sa Pag-aaral 7
- Kahusayan sa Pagpapatakbo (Dating "Katatagang Pinansyal") 8
  1. De-Kalidad na mga Serbisyo 8
  2. Pantay-Pantay na mga Mapagkukunan 8
- Pagbubuo ng Tiwala (Dating "Integridad"): 9
  1. Inklusibong mga Partnership 9
  2. Pagiging Walang Itinatago 9

MULING PAG-IISIP 10



# Isang Mensahe mula sa Pangasiwaan ng CPS

Nitong nakaraang dalawang dekada, malaki ang inusad ng CPS sa pagtulong sa ating mga mag-aaral na maabot ang bagong tugatog - mula sa tumataas na dami ng mga Freshman na On-Track, tumataas na dami ng mga nagtatapos sa pag-aaral, at napakaraming mga iginawad na scholarship. At noong Marso ng 2019, naglabas ang CPS ng mapaghangad na Limang Taong Vision para itaguyod pa ang tagumpay na iyon.

Gayunpaman, wala pang isang taon ang nakalipas, binaliktad ang ating mundo at ang ating Distrito ng pandemyang COVID-19.

Sa gitna ng trauma, kawalang kasiguruhan, at pagkagambala, patuloy na nakakakamit at nagpupursigi ang ating mga mag-aaral at kawani. Ngunit, sa kabila ng kanilang katatagan, lubos na naapektuhan sa aspetong pang-akademiko, pakikipag-tao, at emosyonal ng mga nakaraang ilang taon ang ating mga mag-aaral, at ipinakita nito ang ilan sa mga pinakamatinding hamon ng ating lipunan na umiiral bago pa ng pandemya: ang hindi pagkakapantay-pantay sa aspetong pinansyal, mga problema sa pangkaisipang kalusugan, mga kawalang-katarungan pagdating sa usapin ng lahi, at iba pa.

Ang ating responsibilidad ay hindi lang mabawi ang nasayang na panahon noong pandemya kundi muling isipin kung paano matutugunan nang mas mabuti ng ating Distrito ang mga pangangailangan ng ating lungsod at ng mga bata rito sa mga darating na taon.

Iyon ang layunin ng Planong ito - upang ibalangkas kung paano tayo tumutugon sa mga hamon sa agarang panahon at kung paano tayo naghihikayat ng ating mga komunidad na magkasamang lumikha ng mga pang-istrakturang solusyon sa mga dati nang pagkakaiba sa oportunidad sa ating buong Distrito.

Alam natin na ang progreso ay hindi nangyayari nang magdamagan, at hindi ito nangyayari nang aksidente. Nangyayari ito dahil patuloy tayong nagsisikap na pagbutihin ang edukasyon at suporta na ibinibigay natin sa mga bata sa Chicago; dahil estratehiko tayong nagpupuhunan ng mga mapagkukunan sa mga lugar kung saan ito pinakakinakailangan; at dahil sa pagsisikap na ginagawa araw-araw ng ating mga pamilya at kawani, pagtulong nang higit pa sa inaasahan sa ating mga mag-aaral para lumago at umunlad.

Binibigyang-inspirasyon tayo araw-araw ng talento at tiyaga ng ating mga mag-aaral; ng paninindigan at kadalubhasaan ng ating mga tagapagturo; at ng silakbo ng damdamin at dedikasyon ng mga magulang, pamilya, at komunidad. Mangarap tayo nang matayog at magtaguyod ng landas pasulong, nang magkakasama.



**Pedro Martinez**
*Chief Executive Officer*
Chicago Public Schools



**Bogdana Chkoumbova**
*Chief Education Officer*
Chicago Public Schools

# PANIMULA

Ang Planong ito ay ang ating tawag ng pagkilos - upang matugunan ang hamon ng sandali at masunggaban ang oportunidad na lumikha ng mas mabuti at mas makatarungan na Distrito. Ipinagtitibay nito ang mahalagang gawaing nakabalangkas sa limang taon na planong estratehiko na binuo kasama ng ating komunidad noong 2019 sa dalawang pangunahing paraan: sa pamamagitan ng pagkilala sa ating obligasyon na gumawa ng higit pa upang mapagaan ang epekto ng COVID-19, at sa pamamagitan ng pagkumpronta sa mga matagal nang hamon at pagkakaiba sa oportunidad na nakakaapekto sa ating mga mag-aaral at ating mga komunidad.

Mayroong dalawang pangunahing seksyon ang Planong ito: **Mga Muling Paninindigan** at **Muling Pag-iisip**. Ibinabalangkas sa seksyon na **Mga Muling Paninindigan** ang napatunayan at batay sa datos na mga estratehiya na ginagamit ng CPS sa agarang panahon at lampas pa upang matugunan ang mga hamon na dala ng pandemya. Ang seksyon na **Muling Pag-iisip** ay nagbabalangkas ng mas pangmatagalang pagsisikap ng CPS upang tugunan ang patuloy na mga hamon at pagkakaiba sa oportunidad na umiiral sa ating Distrito — isang pagsisikap na magiging tulay sa ating susunod na panlahatang estratehikong plano. Ang prosesong ito na Muling Pag-iisip ay ginagabayan ng input ng komunidad mula sa simula. Sa pamamagitan ng ilang buwan na mga pagpupulong at talakayan na pakikipag-ugnay sa higit 1,000 mag-aaral, magulang, guro, punong-guro, at iba pang stakeholder ng CPS, natukoy natin ang mga dapat bigyang-priyoridad kung saan tayo magtutuon ng ating mga pagsisikap upang muling maisip kung ano ang posible sa CPS. Patuloy tayong magkakaloob ng mga oportunidad para sa pakikilahok, at hinihikayat natin ang ating mga komunidad ng paaralan na makilahok. Sa pamamagitan ng pagsagawa ng mas malalim na pagsisiyasat at pagtuklas sa katayuan ng ating Distrito at mga pangangailangan ng ating mga mag-aaral, maaari tayong magkasamang lumikha ng mga pinakamainam na mga solusyon upang isulong ang CPS.

Bagama't maaari nating baguhin ang ilan sa ating mga estratehiya para mas matugunan ang mga pangangailangan ng ating mga mag-aaral, marami sa mga elemento ng nakaraang planong estratehiko - ang ating misyon, ang ating mga pangunahing pinahahalagahan, ang ating paninindigan sa pagkakapantay-pantay at iba pa — ay kasama sa Planong ito.

## Ang Ating Misyon

Sa kabila ng mga hamon nitong nakaraang ilang taon, hindi nagbago ang ating misyon:

Upang magkaloob ng de-kalidad na pampublikong edukasyon para sa bawat tao, sa bawat kapitbahayan, na naghahanda sa bawat isa para sa tagumpay sa kolehiyo, karera, at sibikong pamumuhay.



## Ang Ating mga Pangunahing Pinahahalagahan

Magpapatuloy na gabayan ng mga pangunahing pinahahalagahan ang ginagawa natin para sa ating mga mag-aaral. Gagabayan nito ang ating pagpaplano at mga gawi habang nagtutulungan tayo kasama ang ating mga tagapagturo, pamilya, at komunidad upang itaguyod ang mga programa, serbisyo, at inisyatiba na nakadetalye sa Planong ito.

**Nakasentro sa Mag-aaral**
Inilalagay natin ang ating mga mag-aaral sa sentro ng lahat ng ating ginagawa.

**Ang Bata sa Kanyang Kabuuan**
Sinusuportahan natin ang ating mga mag-aaral upang sila ay maging malusog, ligtas, nakikilahok, at interesado sa akademiko.

**Pagkakapantay-pantay**
Tinatanggal natin ang mga hadlang sa tagumpay at tinitiyak ang pantay na mga oportunidad para sa lahat ng mag-aaral.

**Kahusayang Pang-akademiko**
Nagkakaloob tayo ng malawak na kurikulum at mga programa na may mataas na antas na pang-akademiko upang ihanda ang mga mag-aaral para sa tagumpay sa hinaharap.

**Pakikipag-partner sa Komunidad**
Umaasa tayo sa ating mga pamilya, komunidad, at partner sa bawat kapitbahayan upang hubugin at suportahan ang ating iisang misyon.

**Patuloy na Pag-aaral**
Nagtataguyod tayo ng kapaligiran ng patuloy na pag-aaral sa buong CPS para sa mga mag-aaral, guro, pinuno, at kawani ng distrito.

## Profile ng Nagtapos sa CPS


- **Etikal at Nakikipagtulungang Lider**
- **Mausisang mga Mag-aaral**
- **Binigyang-Kapangyarihan na mga Tagagawa ng Desisyon**
- **Nakikilahok na mga Miyembro ng Komunidad**
- **Madaling Umangkop at Independiyenteng Mag-isip**

Ang Profile ng Nagtapos ay ang inaasam natin kung ano dapat kalabasan ng ating mga nagtatapos na mag-aaral. Ang maganda, kapag nagtapos ang mga mag-aaral mula sa CPS, magtaglay sila ng kaalaman at mga kasanayan para pursigihin ang kanilang mga interes at makamit ang kanilang mga layunin pagkatapos ng high school. Pumasok man sa trabaho, mga programa sa pagsasanay, o mas mataas na edukasyon, handa sila sa aspeto ng pakikipag-tao, emosyonal, at pang-akademiko upang mag-isip nang malalim at malikhain upang maresolba ang mga problema. Sila ay umaayon sa kultura at mga may-alam na tagagawa ng desisyon na kayang umunawa ng maraming pananaw at handang mag-ambag sa sibikong pamumuhay. At sila ay mga dinamiko at balanseng indibidwal na kayang magtaguyod ng produktibong personal at propesyonal na mga relasyon at magkaroon ng mayaman at kapaki-pakinabang na buhay.

# MGA MULING PANININDIGAN

Ang ating distrito ay may tatlong pangkalahatang paninindigan na nagtutulak sa ating trabaho: Progresong Pang-akademiko, Kahusayan sa Pagpapatakbo, at Pagbubuo ng Tiwala. Sa bawat priyoridad, binabalangkas natin ang ating mga Muling Paninindigan - mga napatunayang estratehiya na ginagamit natin sa agarang panahon at lampas pa upang tulungan ang ating mga mag-aaral at komunidad ng paaralan na ganap na makabawi mula sa pandemya.

Alam natin na ang pandemyang ito ay hindi naapektuhan nang pare-parehas ang lahat ng mag-aaral. Responsibilidad natin bilang isang Distrito na kilalanin ang realidad na ito at tiyakin ang pantay na pagpapanumbalik.




Sa CPS, nilalapatan natin ng **Pantay na Pananaw** ang lahat ng gawain natin.
Pinahihintulutan nito tayong makita at maunawaan ang mga umiiral na istraktura at kondisyon na lumilikha ng mga hindi pagkakapantay-pantay, pati na rin mga pagbabago na kinakailangan upang lumikha ng mas pantay na mga kapaligiran sa pag-aaral.


Upang makamit ang pagkakapantay-pantay, inilalapat natin ang kasanayan na **Targeted Universalism** — nagtatakda ng mga pangkalahatang layunin at pagkatapos gumagamit ng naka-target na suporta upang tulungan ang mga mag-aaral at mga komunidad ng paaralan na maalis ang mga pagkakaiba sa oportunidad at maabot ang mga layuning iyon.

Ang dalawang konsepto na ito ay pangunahin sa ating gawain habang tinutulungan natin ang mga mag-aaral na makabawi.

## Progresong Pang-akademiko

Ang pangunahing tungkulin ng anumang distrito ng paaralan ay ang tulungan ang mga mag-aaral na bumuo ng mga kasanayan at kaalaman na kinakailangan para sa tagumpay sa hinaharap. Ngunit pagbalik mula sa pandemya, nakaranas ang ating mga mag-aaral ng mga malalaking hamon — isang pangkalahatang pagbaba sa kahusayan, patuloy at lumalaking pagkakaiba sa oportunidad, at pagkakaiba-iba ng mga karanasan ng mag-aaral. Dapat tayong gumawa ng higit pa para suportahan ang mga pangangailangang pang-akademiko, para sa pakikipag-tao, at emosyonal ng ating mga mag-aaral.

### Pangunahing Bahagi ng Pagtuturo




Ang pundasyon para sa ating progresong pang-akademiko ay ang ating Pangunahing Bahagi ng Pagtuturo. Sa pamamagitan ng muling paninindigan sa napatunayang modelong ito, maitataas natin ang pagkamit sa buong Distrito natin.

Ang Pangunahing Bahagi ng Pagtuturo ng CPS ay nakatuon sa pagkakakilanlan, komunidad, at mga relasyon.

Dapat maranasan ng mga mag-aaral ang pangunahing bahagi ng pagtuturo na tumutugon at nagpapanatili ng kung sino sila at kung ano ang naiaambag nila, at nagbibigay-lakas sa kanila upang kumonekta, mag-isip, at kumilos bilang mga etikal at mapanuring tao na humuhubog sa mundo.

Narito ang mga bumubuo sa Pangunahing Bahagi ng Pagtuturo:

- **Nilalaman:** pagtiyak na may access ang lahat ng mag-aaral sa de-kalidad na kurikulum na mahigpit at umaayon sa kultura, at matatatag na sistema at interbensyon kapag kailangan nila ang naka-target na suporta.
- **Guro:** pagtiyak na pangunahing dinisenyo ang pagtuturo para sa mag-aaral, at paggamit ng mga kasanayan sa acceleration na patuloy na nagbibigay sa mga mag-aaral ng access sa mga pamantayan na naaayon sa baitang.
- **Mag-aaral:** pagtiyak na hinuhubog ang pagkakakilanlan ng mag-aaral at na maaaring lumago ang mga mag-aaral sa aspeto ng pakikipag-tao at emosyonal sa ating mga silid-aralan habang nagkakaloob ng mga matatag na karanasan at oportunidad sa labas ng paaralan upang matugunan ang mga pangangailangan ng isang bata sa kanyang kabuuan.

## Progresong Pang-akademiko *(ipinagpapatuloy)*



### 1. De-Kalidad na Mahigpit na Pagtuturo

**Ang Ating mga Muling Paninindigan:**

- Pagtiyak na organisado at may mapagkukunan ang bawat paaralan upang makapag-alok ng **maliliit na klase, pagtuturo sa sining, matatag na mga sistema ng interbensyon sa pag-aaral sa aspetong pang-akademiko at pakikipag-tao at emosyonal, at komprehensibong Out-of-School Time at programa sa panahon ng tag-init.**
- Palahukin ang bawat mag-aaral sa isang **de-kalidad na kurikulum** kabilang ang pagpapalawig ng access sa mga kurikulum na Skyline, Pre-K, at SEL sa lahat ng paaralan at baitang.
- Palawigin ang paggamit ng **makabuluhang mga pagtatasa** at access sa datos ng pagtatasa upang ipaalam ang pagtuturo kabilang ang mga pang-screen sa K-12 at mga pamantayan, mga pagtatasang naka-embed sa Skyline at mga pagtatasa ng kasanayan sa SEL.
- Palawigin **ang mga karanasan sa maagang pag-aaral** sa pamamagitan ng pagpapalawig ng Universal Full-Day Pre-K at pamumuhunan sa programa at mapagkukunan ng maagang pagtuturo ng pagbasa at pagsulat na magiging pundasyon ng mag-aaral upang matulungan silang magkaroon ng kumpiyansang magbasa sa batang edad.

### 2. May Talento at Binigyang-Lakas na mga Tagapagturo

**Ang Ating mga Muling Paninindigan:**

- Pataasin **ang propesyonal na pag-aaral at oportunidad para sa pakikipagtulungan ng mga guro** sa pamamagitan ng mga pondo ng paaralan at magkaloob sa mga guro ng **karagdagang oras at oportunidad para sa propesyonal na pag-unlad.**
- Mamuhunan **sa mga oportunidad para sa pagpapaunlad para sa mga lider ng paaralan** at palawigin ang ating koneksyon sa mga lider na guro.
- Bigyang-priyoridad **ang pagpuno ng mga bakanteng posisyon sa mga paaralan na nahihirapang kumuha ng kawani** at mga paksa sa pamamagitan ng mga naka-target na inisyatiba tulad ng Opportunity Schools at Teach Chicago Tomorrow.
- Tiyakin ang pagkakaroon ng isang grupo ng mga manggagawa na binubuo ng iba't ibang lahi at pinanggalingan.

### 3. Kaligtasan, Kagalingan, at mga Sumusuportang Komunidad sa Pag-aaral

**Ang Ating mga Muling Paninindigan:**

- Tiyaking mayroong mga patakaran at mapagkukunan para **suportahan ang bata sa kanyang kabuuan** upang lahat ng mag-aaral ay maging malusog, ligtas, nakikilahok, at may interes sa akademiko.
- Palawigin **ang mga mapagkukunan para sa mga mag-aaral na nasa sitwasyon ng pansamantalang matitirhan, suporta ng isang counselor ng paaralan** para sa mga nangangailangang komunidad, at pag-coach para sa mga kawani tungkol sa **mga gawi sa pagpapanumbalik.**
- Gumamit ng mga protokol na **nagpoprotekta sa mga komunidad ng paaralan mula sa COVID-19** at panatilihin ang mga mag-aaral sa paaralan.



## Kahusayan sa Pagpapatakbo (Dating "Katatagang Pinansyal")

Sa ating dating planong estratehiko, ang priyoridad na ito ay tinatawag na "Katatagang Pinansyal," ngunit ang ating paninindigan ay mas malaki kaysa rito — ito ay tungkol sa pagtitiyak na lahat ng ating mag-aaral ay nakakaramdam na sila ay sinusuportahan sa loob at labas ng silid-aralan sa tulong ng mga de-kalidad na serbisyo, at na naipapamahagi nang pantay-pantay ang mga mapagkukunan upang maalis ang mga pagkakaiba-iba sa oportunidad sa buong Distrito.

### 1. Mga De-Kalidad na Serbisyo

**Ang Ating mga Muling Paninindigan:**

- **Mamuhunan sa ating mga gusali** upang may access ang bawat mag-aaral sa de-kalidad na mga kapaligiran ng paaralan.
- Tiyakin na ang ating **mga gusali ay nililinis at pinananatili araw-araw** upang lumikha ng ligtas na kapaligiran sa pag-aaral.
- Tiyakin na ang lahat ng karapat-dapat na mag-aaral ay may **access sa mga serbisyong pang-transportasyon**.
- Hikayatin ang boses ng mga mag-aaral upang ipabatid ang mga mapagpipiliiang **masustansyang almusal at tanghalian**.
- Kumuha/Bumili ng mga produkto at serbisyo sa isang madaling sundin na paraan at **walang sobrang pagkakaantala**.
- Bumuo ng **tumpak na datos at imprastraktura ng IT** upang magtaguyod ng epektibo at pantay-pantay na pagpapatakbo at pag-aaral.

### 2. Pantay-Pantay na Mapagkukunan

**Mga Muling Paninindigan:**

- Makipagtulungan sa mga lider ng paaralan upang **ganap na mamuhunan sa mga priyoridad ng Distrito pagdating sa pagtuturo** at ilipat ang mga mapagkukunan upang suportahan ang pangunahing karanasan ng mag-aaral.
- **Isulong ang pagkakapantay-pantay ng pagpopondo** sa pamamagitan ng pagpapataas ng mga naka-target na pamumuhunan upang suportahan ang ating mga mag-aaral na pinakanangangailangan.
- **Kumuha ng karagdagang pagpopondo ng edukasyon** mula sa estado at paghusayin ang ating modelo sa pagpopondo upang mas pantay-pantay at sapat na masuportahan ang mga mag-aaral.
- Tiyakin **ang access ng mga mag-aaral sa teknolohiya** na nagpapahintulot sa kanila na ma-access ang de-kalidad na kurikulum.
- Damihan ang pakikipagkontrata sa mga negosyong **pagmamay-ari ng minorya at babae** upang palaguin ang yaman sa loob ng mga komunidad na pinaglilingkuran natin.




## Pagbubuo ng Tiwala (Dating "Integridad")

Sa ating dating planong estratehiko, ang priyoridad na ito ay tinatawag na "Integridad," ngunit binago natin ito at ginawang "Pagbuo ng Tiwala," dahil naisip namin na ang pagkilos nang may integridad ay isang bagay na ginagawa nang mag-isa samantalang ang pagbuo ng tiwala ay isang bagay na ginagawa natin nang magkakasama. Upang gawin ito, dapat nating respetuhin ang ating mga mag-aaral at pamilya at ang magkakaibang komunidad kung saan sila nakatira, at bigyang-karangalan sila bilang mga partner sa ating iisang misyon. Ang ating hamon ay ang pagtitiyak na binibigyang-karangalan natin ang mga karanasan sa buhay ng mga pamilyang pinaglilingkuran natin at tiyakin ang pagiging malinaw ng ating paggawa ng mga desisyon. Bilang bahagi ng ating paninindigan sa pangunguna nang may integridad, kinikilala natin ang pangangailangan na maghilom at bumuo ng tiwala sa ating komunidad sa pamamagitan ng pagtuon sa:

### 1. Inklusibong mga Partnership

**Ang Ating mga Muling Paninindigan:**

- Pahalagahan at bigyang-priyoridad ang pakikilahok at impluwensya ng kabataan sa pamamagitan ng pagtaguyod ng mga tungkulin sa paggawa ng desisyon para sa lahat ng mag-aaral sa lahat ng Local School Councils (LSC) at sa Lupon ng Edukasyon (Board of Education).
- Isentro ang boses ng guro sa pamamgitan ng Teacher Advisory Council bilang forum para sa direktang komunikasyon at kolaborasyon sa pagitan ng mga guro ng CPS at ang ehekutibong pangasiwaan.
- Isama nang husto ang mga punong-guro sa lahat ng mahahalagang desisyon na nakakaapekto sa kanilang mga paaralan sa pamamagitan ng mga pagpupulong kada dalawang buwan kasama ang CEO, CEdO at COO; ang Principal Advisory Council; at Network Advisory Groups.
- Ikonekta ang pakikilahok ng mga stakeholder sa paggawa ng mga patakaran sa pamamagitan ng paglikha ng matatag na mga sistema upang tiyakin na kinakatawan ang mga boses ng mga magulang at komunidad sa mga patakaran ng Distrito.

### 2. Pagiging Walang Itinatago

**Ang Ating mga Muling Paninindigan:**

- **Proaktibong ibahagi** ang lahat ng mga **input** na binibigay ng Distrito **para sa mga paaralan, programa, inisyatiba, at mapagkukunan, pati na rin ang kanilang mga epekto sa mga kalalabasan ng mga mag-aaral**.
- **Paramihin ang mga inaalok na programang pampamilya** at tiyakin na may access ang ating mga partner sa impormasyon at mapagkukunan upang suportahan ang kanilang paggawa ng desisyon para sa kanilang mga mag-aaral.
- **Magbigay ng napapanahon, makabuluhan, at tumpak na impormasyon sa publiko at gawin itong madaling ma-access** sa pamamagitan ng pagsasaling-wika ng mga komunikasyon sa magulang sa buong Distrito sa limang pangunahing wika sa Chicago: Spanish, Polish, Arabic, Mandarin, at Urdu.

# MULING PAG-IISIP

Ang mga estratehiya na napapalaman sa seksyon na **Muling Paninindigan** ng ating Plano ay mahalaga para suportahan ang pagbawi mula sa pandemya ng ating mga mag-aaral sa lalong madaling panahon at ihanda sila para sa tagumpay sa hinaharap. Ngunit ang mahalaga ay hindi magiging sapat ang mga muling paninindigan na ito nang mag-isa upang maalis ang patuloy na mga pagkakaiba sa oportunidad at matugunan ang matagal nang mga hamon sa ating Distrito. Kailangan nating **Muling Isipin** kung ano ang posible para sa ating Distrito at magtulungan upang magkasamang lumikha ng mga solusyon para sa ating mga mag-aaral at pamilya.

May hinaharap na mga malalaking hamon ang ating Distrito na naging mas mahirap nitong mga nakaraang ilang taon. Pagdating sa progresong pang-akademiko, bumaba ang kahusayan ng ating mga mag-aaral sa pangkalahatan. May hinarap silang patuloy at mas lumalaking pagkakaiba ng mga oportunidad at malawak na pagkakaiba sa mga karanasan ng mga mag-aaral sa bawat paaralan. Mula sa isang pinansyal at pang-operasyong pananaw, nakakaranas ang CPS ng pagbaba ng mga nag-eenrol, at mayroon tayong mga lumang pasilidad na nangangailangan ng komprehensibong plano para sa pagpapahusay; samantalang, lubos na kulang ang pondong ibinibigay sa CPS ng Estado ng Illinois, at ang mga pederal na pang-emerhensyang relief fund para sa pandemya ay nakatakdang mag-expire sa FY2025. At pagdating sa pagbuo ng tiwala, may mga kailangang gawin pa ang CPS sa pagkilala ng mga karanasan sa buhay ng ating mga pamilya at pagiging mas walang itinatago sa ating proseso ng pagdedesisyon.

Ang paglutas ng mga hamong ito ay nag-aatas sa atin na gumawa ng mahalagang gawain na **Muling Pag-iisip**. Alam natin na ang mga solusyon ay hindi maaaring idikta mula sa taas pababa; dapat itong umusbong mula sa baba pataas. Sa buong prosesong ito, hinikayat natin ang ating mga mag-aaral, pamilya, guro, pinuno, partner, at miyembro ng komunidad, at hiningi ang kanilang pananaw tungkol sa mga bagay na dapat nating bigyang-priyoridad.



Ito ang mga bagay na itinuring ng ating mga komunidad na pinakamahalaga para muling isipin ng CPS:

- Paghusayin ang ating diskarte tungo sa pagkakaroon ng pananagutan para itala ang mga hindi pagkakapantay-pantay na nakakaapekto noon pa at sa buong sistema habang ibinibigay sa mga stakeholder ang impormasyon na kailangan nila.
- Muling ayusin ang ating mga patakaran at proseso sa pagtanggap ng mag-aaral at pag-enrol upang tiyakin na tumutugon, madaling ma-access, at pantay-pantay ang mga ito para sa lahat ng pamilya.
- Sadyang isali ang mga stakeholder bilang mga inklusibong kasama sa muling pamumuhunan at pagpaplano para sa kinabukasan ng mga paaralan sa kanilang komunidad.
- Lumikha ng mga nakatutugon na pagpapaplano at pampaaralang modelo para sa mga mag-aaral na pinakahindi nabibigyan ng oportunidad na pang-edukasyon.
- Magbigay ng kahandaan at paghahanda para sa karera sa lahat ng mag-aaral sa ika-6-12 na baitang sa pamamagitan ng kamalayan at pagtuklas sa karera, makatotohanang pag-aaral, at mga oportunidad sa maagang pagpasok sa kolehiyo.
- Paglingkuran ang mga mag-aaral na may iba-ibang pangangailangan sa pag-aaral upang matiyak na may access ang lahat ng mag-aaral sa positibo, inklusibo, at kapaki-pakinabang na mga karanasang pang-akademiko at extra-curricular.
- Lumikha ng tuloy-tuloy at konektadong sistema ng mga suporta para sa maagang pagkatuto sa pagbasa at pagsulat sa Pre-K - 2, at makipagtulungan sa mga pamilya upang matiyak na ang bawat bata ay marunong nang bumasa pagdating ng ikatlong baitang.
- Tiyakin na ang lahat ng mag-aaral ay matutong magsalita at sumulat sa isang pangalawang wika.
- Tiyaking pare-pareho, pantay, at malinaw ang mga patakaran, pamamaraan, at kasanayan sa pagbibigay ng grado.
- Itaguyod ang Out-of-School Time at pagpaplano ng programa para sa panahon ng tag-init bilang kritikal na pagpapahaba ng araw at taon ng pasukan, na nagbibigay sa lahat ng mga mag-aaral ng mga karanasang nakatutugon at nakaeengganyo.

Ang ilan sa mga aspetong ito ay mangangailangan ng malaking mga pagbabago sa buong sistema at mapangahas na mga bagong ideya; ang iba naman ay mangangailangan na gumawa tayo ng mga simpleng pagpapahusay na may malaking epekto sa karanasan ng mga mag-aaral. Ngunit ang lahat ng ito ay konektado sa isa't isa at mag-aambag sa mas mahusay na karanasan para sa mga pamilya sa buong Distrito natin.

Magpapatuloy na matulak ang gawaing ito ng mga feedback ng komunidad. Patuloy tayong makikipag-ugnay sa ating mga komunidad sa mga paksang ito upang maunawaan ang mga problema at puno't dulo, magsisikap na bumuo at sumubok ng mga bagong ideya sa mga pangunahing stakeholder, at sa huli ay makapaghatid ng mga resulta.

**Ang aming teorya ng pagkilos ay ganito:**

**Kung…** magkasama tayo ng mga komunidad na lumikha ng mga solusyon para matiyak ang

- ***Pagkakapantay-pantay ng access;***
- ***Kahusayan sa paghanda ng programa; at***
- ***Pantay-pantay na mapagkukunan at katatagang pinansyal…***

**Kung gayon…** makakaranas ang bawat mag-aaral ng de-kalidad na pag-aaral sa aspetong pang-akademiko, pakikipag-tao at emosyonal, at umaayon sa kultura; magkakaroon ng mga kasanayan na tulad ng isang Profile ng Nagtapos sa CPS; at magiging handa para sa tagumpay pagkatapos ng high-school.

Huwag magkamali — malaki ang saklaw at laki ng mga hamong ito. Ngunit naglalahad din ang mga ito ng natatanging oportunidad na isagawa ang kinakailangan at mahalagang gawain na muling pag-iisip ng isang mas mahusay na sistema ng paaralan para sa mga pamilyang pinaglilingkuran natin. Ang gawaing ito ay may kapangyarihang makapagpabago sa ating Distrito. Malugod naming inaasahan ang pagsagawa nito, at pinakamahalaga — na gawin ito kasama ng ating mga komunidad.

Chicago Public Schools

DATE
SCALE
REV.

DRAWN BY
TRACED BY
CHECKED BY